PAGSUSURI PARA SA COVID-19: Ang Kailangan Mong Malaman

KATOTOHANAN Ang pagsusuri mo para sa COVID-19 ay maaaring negatibo kahit pa meron kang impeksyon.

KATOTOHANAN Hindi positibo ang pagsusuri ng karamihan ng mga tao para sa virus hanggang sa ilang araw *pagkatapos* na malantad. Maaari ka ring malantad sa virus *matapos* kang magpasuri at pagkatapos ay makakuha ng impeksyon.



Mga PANGUNAHING Katotohanan tungkol sa Pagsusuri para sa COVID-19

KATOTOHANAN

Maaaring kailangan mong magpasuri kahit na wala kang mga sintomas.

Pwede kang magkaroon ng COVID-19 at ikalat ito sa iba kahit na wala kang mga sintomas.

KATOTOHANAN

Ang positibong pagsusuri sa antibody ay nangangahulugan na malamang na nagkaroon ka na ng COVID-19 sa nakaraan.

Hindi ipapakita ng pagsusuri para sa antibody kung mayroon kang COVID-19 sa kasalukuyan dahil maaaring magtagal nang 1-3 linggo matapos ang impeksyon para makagawa ang katawan mo ng mga antibody.

KATOTOHANAN

PWEDE kang maimpeksyon ulit, kahit na mayroon ka nang mga antibody para sa virus na nagdudulot ng COVID-19.

Hindi pa natin alam kung gaano karaming proteksyon ang maibibigay ng mga antibody o kung gaano katagal ang proteksyon na ito.

Alamin ang higit pa tungkol sa pagpapasuri para sa COVID-19 dito: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/testing.html.

cdc.gov/coronavirus

CS320075-E